Ang **QUEST Expanded Access** (QExA) ay isang bagong programa ng Medicaid para sa mga matatanda na may edad na 65 at pataas, at para sa mga tao na may kapansanan, anuman ang edad.

Simula sa Pebrero 1, 2009, ang mga naturang kliyente ay tatanggap ng kanilang mga serbisyong para sa pangangalaga ng kalusugan sa pamamagitan ng isang planong pangkalusugan ng QExA.

Mahalaga ang iyong kalusugan. Pumili ng pinakamagandang planong pangkalusugan na makakatupad sa iyong mga pangangailangan.

Sa paglapit ng Setyembre 2008, padadalahan namin ang mga kliyente ng QExA ng isang Bagong Enrollment Packet. **Abangan ang isang sobreng may kulay na matingkad na dilaw.** Taglay nito ang impormasyon tungkol sa QExA, sa mga planong pangkalusugan, at kung paano pipiliin ang iyong planong pangkalusugan.

Gawin ang isang mahalagang hakbang patungo sa malusog at mahabang pamumuhay sa pamamagitan ng pagpili ng iyong planong pangkalusugan.

Madaling Dagdagan ang Kaalaman Tungkol sa QExA. Maaari mong:

- Tumawag **nang libre sa Helpline sa**
  1-866-928-1959
  Bukas ika-8 nang umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes
  Libre ang tawag sa linya ng TTY sa
  1-866-928-1958
- Bisitahin kami sa internet sa
  www.qexa.org

QExA HAWAIʻI
QUEST Expanded Access for Healthy Long-Term Living

Sponsored by the State of Hawai'i
Department of Human Services
Med-QUEST Division
BRO 2 – Tagalog – 10/08



QExA HAWAIʻI
QUEST Expanded Access for Healthy Long-Term Living

Paano Pipiliin ang iyong Planong Pangkalusugan sa QExA

Tumawag **nang libre sa Helpline sa**
1-866-928-1959

Bukas ika-8 nang umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes

Libre ang tawag sa linya ng TTY sa
1-866-928-1958

www.qexa.org

若需详细中文资料，请使用免费电话1-866-928-1959寻取协助。

PARA SA KARAGDAGANG TANONG SA TAGALOG, TAWAGAN PO LAMANG ANG LIBRENG LINYANG PWEDENG TUMULONG SA INYO DITO SA 1-866-928-1959

PARA DAGITI KAYAT TAYO A DAMAGEN TI ILOCANO, AWAGAN LAENG DAYTOY LIBRE A LINYA NGA MABALIN A MAKATULONG KADATAYO IDIAY 1-866-928-1959

자세한 한국어 안내를 원하시면 수신자 부담 무료 안내전화 Helplinc(1-866-928-1959번)으로 전화주시기 바랍니다.

Hakbang 1:
Alamin Ang Tungkol Sa Iyong Mga Mapapagpilian

Madaling malaman ang tungkol sa QExA at ang tungkol sa mga mapapagpilian mo na planong pangkalusugan. Para sa karagdagang kaalaman, maaari kang:

Tumawag sa amin nang libre sa **1-866-928-1959** at makipag-usap sa isang Tagapayo para sa Pagpapatala o Enrollment Counselor. Naririto kami upang sagutin ang iyong mga tanong at upang matulungan kang pumili ng iyong planong pangkalusugan.

Dumalo sa isang pagpupulong ng QExA sa iyong lugar. Ang mga Enrollment Counselor ay magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa QExA at sa mga mapapagpilian mo. Masasagot ang lahat mong mga tanong at mapipili mo rin ang iyong planong pangkalusugan. Tumawag sa amin nang libre sa **1-866-928-1959** upang malaman kung may pagpupulong na malapit sa iyong lugar.

Makipagkita nang harap-harapan sa isang Enrollment Counselor ng QExA. Para makapagtakda ng isang pakikipagkita o appointment, tumawag sa amin nang libre sa **1-866-928-1959.**

Hakbang 2:
Piliin Ang Iyong Planong Pangkalusugan

Sa QExA, gagamutin ka sa pamamagitan ng iyong planong pangkalusugan. Ibig sabihin nito, bibisitahin mo ang mga doktor, ospital, at mga pasilidad na nangangalaga, na kasali sa iyong planong pangkalusugan.

Pipili ka ng isang doktor, na tinatawag na Pangunahing Doktor na Tagapangalaga (Primary Care Provider o PCP), na siyang may responsibilidad sa iyong pangangalagang medikal. Kung wala kang doktor, tutulungan ka ng iyong planong pangkalusugam ma makahanap ng isang doktor.

Naririto ang ilang mga tanong na dapat mong itanong bago ka pumili ng isang planong pangkalusugan:

- May mga doktor ka ba o mga tagapagkaloob o provider kung kanino gusto mong magpatingin?
- May ospital ba, pasilidad ng pangangalaga o parmasiya na gusto mong gamitin?

Tumawag sa amin nang libre sa **1-866-928-1959** upang malaman kung sa anong planong pangkalusugan sila kasali.

Tingnan ang mga mapapagpilian mong planong pangkalusugan at piliin ang isa na:

- Pinapayagan kang manatili sa doktor kung kanino ka nagpapatingin sa ngayon.
- Nagkakaloob ng mga serbisyong kailangan mo.

May dalawang planong pangkalusugan ang QExA: **Evercare at 'Ohana Health Plan**.

Kung hindi ka pa nakakapili ng isang planong pangkalusugan pagsapit ng Disyembre 1, 2008, pipili ng isa para sa iyo.

Hakbang 3:
Magpalista sa Pinili Mong Planong Pangkalusugan

May tatlong paraan para makapagpalista sa pinili mong planong pangkalusugan:

Tumawag nang libre sa Helpline sa **1-866-928-1959** at makipag-usap sa isang Enrollment Counselor. Handa kami sa iyong tawag at gusto naming matulungan ka sa pagpili ng iyong planong pangkalusugan. Ang mga gumagamit ng TTY ay makakatawag nang libre sa: **1-866-928-1958.**

Ipadala sa amin ang QExA CHOICE Form o Form ng QExA para sa PINILI, mula sa iyong Bagong Enrollment Packet. Punan ito at ipadala sa amin sa pamamagitan ng koreo sa:

P.O. Box 135038, Honolulu, HI 96801

O i-fax nang libre sa:
1-866-928-7620

Makipagkita sa isang Enrollment Counselor upang makapili ng iyong planong pangkalusugan. Tumawag sa amin nang libre sa **1-866-928-1959** para sa karagdagang kaalaman.